PHILIPPINE RESEARCH/RESOURCE FILE
ASIA
UNIVERSITY OF HAWAII LIBRARY



PAT'IL

(B R O T H E R)

VOL. 11 NO. 11

PUBLISHED BY THE EPISCOPAL COMMISSION ON TRIBAL FILIPINOS - CENTRAL LUZON

THE LAND: OUR LIFE



TABLE OF CONTENTS

- SAPANGBATO, ANGELES CITY AN INTRODUCTION
- AT ALAM BA NINYO
- DAHIL DITO... KAMING MGA AETA, ANG AMING BUHAY at ang LUPA
- ANG LUPA at PAGKAKAISA

PAT'IL is a quarterly publication of the Tribal Filipino Apostolate in the Archdiocese of San Fernando, Pampanga. PAT'IL is a Negrito word which means "BROTHER or KAPATID". Through this publication we hope to bring to lowlanders the plight and issues of the Negritos in particular and other Tribal Filipinos in general. In so doing, we hope to promote closer solidarity with the aspirations and struggles of our t i Tribal brothers.

EDITORIAL

Our PAT'IL issue for this month of October has for its theme the subject on LAND:OUR LIFE, as declared by the Episcopal Commission on Tribal Filipinos for Tribal Filipino Sunday. The problem on LAND has been the subject o of many of our past issues which only goes to show it is not new at all. The problem on LAND has been there since the first colonizers arrived to claim ancestral lands from the Tibal Filipinos.

For the Negritos of Central Luzon, particularly of Angeles City, vast tracts of their ancestral land has been occupied by the US military base for its various and complex operations. Fifty five thousand (55,000) hectares of plain fields, rolling hills and mountains at the service and use of American forces in our very land !

In this issue of PAT'IL, we try to focus on barrio Sapangbato, particularly on the sitios occupied by Aetas living just outside the Clark Air Base perimeter. We would like to introduce the reader to the place and the people living there, as well as make him acquainted with the conditions of the people as affected by some operations of the military base. One article focuses on the view of the Aetas on LAND and LIFE.

As a gesture of thanks, a Benedictine novice tried to put into words the unforgettable experience afforded them by the Negritos in an exposure in sitio Target last September. Hers is a lesson in genuine solidarity learned from the collective wisdom of a epople that have been forged into unity in the midst of their century old struggle.

SAPANGBATO, AN ANGELES CITY - INTRODUCTION

One of the most urbanized city outside Manila is Angeles City, where the main gate of Clark Air Base is located and one place where PX goods are found even in small sari-sari stores. It is composed of 31 barrios, one of which is Sapangbato where some groups of Aetas fondly called "KULOT" or curly haired, reside.

Sapangbato is one of the urbanized barrios of Angeles, although one of the most remote with reference to distance from the city proper. It is located in the western part of the city; bounded to the north by Clark Air Base, one of the two largest US bases in the Philippines; in the south by Barrio Manwali of Porac; in the east by Barrio Margot and in the west by Sitio Kamatsile and Sitio Agwit.

Sapangbato has a total land area of 82 hectares, most of which is hilly, distributed into 52 ha. of agricultural land, 2 ha. industrial, 4 ha. commercial and 24 ha. residential. There is a river that divides the barangay which dries up during summer, but overflows and floods during the rainy season. This is due to the waters that run from the mountainous, western part of the barrio brought about by denuded mountains.

One can reach the barrio by jeepney ride which costs two pesos and fifty centavos (P2.50). Along the way one passes through dirt roads making it imperative for jeepney operators to open their windshields to avoid getting the passengers literally showered by dust. Halfway, the trip is a cemented highway that ends at Gate no. 5 of Clark Air Base. The distinctive characteristic of this place is the array of tourist item stores. From the gate proper, the jeepney passes outside but along the barbedwire fence of the base. Antoher couple kilometers of dirt road and one reaches Barangay Margot, another barrio of Angeles. The jeepney trip ends beside the public market of Sapangbato, after passing through a zig-zag asphalted road along the concrete-walled fence of the base. Straight ahead is the road that leads to the places where the Aetas live. From the barrio proper, the nearest place of the Aetas are Sitio Radar and Sitio Little Baguio. It is called Little Baguio because the community lies on top os a hill over-looking

the whole of Sitio Radar. The latter is so-called because it lies beside the Earth Base Radar of the Satellite Communication (SATCOM) of Clark Air Base. In Sitio Radar, the Aetas are outnumbered by lowland settlers while Little Baguio is mainly a community of Aetas. Though the Aetas are distributed into several places, they still prefer to create a neighborhood among themselves thus, in all places, they are clustered in one corner. When in Little Baguio, one immediately notices the arrangement of the houses. They are built in such a way that they form two parallel rows leaving the center like an alley walk. Houses are mainly made of local materials like "sawaling-bikal" which they weave themselves, plywood which they buy from the lowlanders, cartoons scavenged from the dumping site of the base, and cogon grass or nipa for roofing. Near the northern end is a half-court basketball. From the place, one catches a panoramic view of the two big, rounded and two medium bowl-like, white radar facilities. One can also see the huge oil tanks which are said to be connected with underground pipelines to Subic Naval Base.

A 45-minute uphill-downhill-zig-zag walk west ward lies Sitio Target, another community of Aetas. It is so-called because it lies beside the most sophisticated firing range of Clark Air Base estimated to be around 3 hectares. The place is a valley with 23 houses clustered in the center, making them resemble an Indian village if seen from a distance surrounded by eroded sandy mountains. Part of the village is used for root-crops plantation by the lowlanders. The houses are mainly made of used target materials like plywood and hard board salvaged from the firing range. Right beside the dirt road are small stores where people could buy candies, sardines, crackers, softdrinks, tuyo, spices, etc. For other goods like rice and other expensive commodities, the people here have to

go all the way to the barrio proper to have all these. Other facilities like water pump, comfortroom and a spring are available here.

at alam ba ninyo ?

NA DITO SA TARGET AY .....

- umaabot ng limang araw, Lunes hanggang Biyernes, ang pag-eensayo ng mga sundalo sa natúrang Target range ?
- na dalawang uri pg grupo ng mga sundalo ang nagpapraktis araw-araw ? Ang mga sundalong nag-eensayo sa umaga ay tinatawag na mga "regulars" ng mga taong nakatira malapit sa Target area. Ang mga sundalong ito ay gumagamit ng di-gaanong mataas na uri ng baril gaya ng .22 cal., .38 cal., at M-16 rifle.
  Ang pangalawang grupo na nagpapraktis sa hapon ay tinatawag na "team." Ang grupong ito ay binubuo ng mga pilotó at opisyal ng mga sundalo, na ang pinapraktis ay mataas na uri ng baril gaya ng .45 cal., M-14, M-79, M-60, .50 cal., at ang may pinakamalakas na tunog, ang BAZOOKA (90 mm).
- na sa pagpapraktis ng bawat isang sundalo siya ay dapat uubos ng bilang ng bala ayon sa uri ng baril na kanilang ginagamit.
- na kapag sila ay nag-eensayo ng .22 cal., ang bawat isa ay uubos ng isang daang bala ?

  ** Bilang ng bala ayon sa uri ng baril:
  - isándaan at limampung bala ang nauubos ng bawat isa kung ang ginagamit ng nag-eensayo ay .38 cal.
  - kapag M-16 rifle aabot hanggang dalawang daan at limampu ang ginagamit ng isang sundalo
  - mansan sa isang buwan pinapraktis ng .45 cal. at ang bawat isa ay uubos ng limampung bala.
  - sa loob ng isang buwan isa hanggang dalawang beses ang pag-eensayo ng BAZOOKA (90 mm). Uubos ng tatlong bala ang bawat isa. Ang M-79 ay pa-

napraktis na kasindalas ng BAZOOKA subalit ito ay gumagamit ng isandaan at animnapung bala, sa bawat isang sundalo.
- uubos naman ng tatlong daang bala ang isang sundalo kung ang gagamitin sa pag-eensayo ay M-60 at .50 cal.
- kung M-14 naman uubusin ng isang sundalo ang limampung bala.

- na sa sobrang lakas ng pagsabog ng BAZOOKA ang nagiramdaman ng mga tao sa kanilang bahay ay parang inuuga at kahit na ang mga hayop ay nasisindak ? Hindi alam ng aso kung saan siya pupunta kapag naririnig niya ang tunog ng nasabing baril.



- na ang mga sundalo ay gumagamit ng tinatawag na "LIVE BULLETS" sa lahat na uri ng kanilang baril maliban sa baril na M-79 ? Napalitan lamang ito nang magkaroon ng aksidente.
- na umaabot limampu't anim hanggang isandaan at labing-dalawang sundalo ang nag-eensayo tuwing umaga at sampu hanggang labing-dalawa naman ang bilang ng nag-eensayo tuwing hapon.
- na noong 1979 anim katao ang naninirahan sa Target ay naging biktima ng aksidenteng pagsabog ng bala (LIVE BULLET) ng M-79 na naiwan ng mga sundalong nag-eensayo ng mga panahong iyon. At pagkaraan ng ilang taon nagkaroon ng isa pang biktima. Ang nabiktima ay hindi nabawian ng buhay subalit ang sakuna ay nagdulot ng malaking kapinsalaan sa katawan na naging sanhi ng pagkahilo at paglakad ng di maayos ng naturang biktima.

DAHIL DITO... KAMING MGA AETA, ANG AMING BUHAY AT ANG LUPA



Kami ay isa sa mga naunang liping umapak sa lupain ng Pilipinas. Maitim ang aming mga balat at kulot ang aming buhok. Karamihan sa amin ay may maliliit na pangangatawan at mababa ang tindig. Kami ay nabubuhay sa pamamagitan ng pagbabahaginan ng mga produktong nakukuha mula sa lupain at kagubatang dati'y pinagyaman ng aming mga ninuno. Kami ay mga taong may sariling pag-iisip at pag-uugali. Mga taong may sariling paraan ng pamumuhay. At tulad ng iba may mga mithiin at pangarap.

Ilang daang taon na ang nakalipas ng sakupin ng mga dayuhan ang bansang Pilipinas subalit ang bakas ng pang-aapi at pagsasamantala sa kamay ng mga kastila ay buhay rin ng karanasan ng mga katutubo hanggang sa kasalukuyan. Ang sapilitang paglikas mula sa sariling lupain patungo sa masukal na kabundukan ay bunga ng sakim na pagnanasa ng mga taong hayok sa kayamanan. Ang paglikas na iyon ay naging simula ng kanilang paglipat-lipat ng tirahan. At ang karanasang iyon ang nagbunsod upang tawagin silang taong-bundok, na naging tampulan ng pangungutya at panloloko ng mga taong naninirahan sa kapatagan. Sa mga mata ng karamihan sila'y mga mangmang at walang pinag-aralan. Mga taong kailanman ay hindi nabigyan ng puwang sa ating lipunan.

Ang mahirap at mapait na karanasang dinanas nila ang nagtulak upang magtanong at mag-usisa. Mga tanong na naghahanap ng kasagutan bakit hanggang sa kasalukuyan, patuloy silang naghihirap. Paghihirap na nagpadama sa kanila ng unti-unting pagkakitil ng kanilang buhay. Dahan-dahan nilang nakita ang pagkawala ng sigla ng kanilang matalik na kaibigan.....ang KALIKASAN, na mati-rati'y sagana at palaging naghahatid ng pag-asa.

Ang LUPA ay isang banal na bagay para sa kanila. Sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa lupaing ito nakakapiling nila ang kanilang mga ninuno. Ito rin ang pangunahing pinagkukunan nila ng ikinabubuhay. Samakatuwid ito ay katumbas ng kanilang buhay.

Naniwala sila na ang bawat tao ay may karapatang bungkalin at pagyamanin ang lupain at kaakibat ng karapatang iyon ay ang pag-intindi, ang pag-unawa, pagbibigayan at ang pagkikilala sa kapakanan ng iba. Subalit masakit na katotohanan ang pagtuklas na kailanman sila ay hindi inintindi, hindi inunawa at hindi kinikilala, sa tunay na kahulugan ng mga salitang nabanggit.

Patindi ng patindi ang hirap na kanilang nararamdaman. Mga proyekto at iba't-ibang uri ng panloloko ang kanilang kinakatunggali. Nagkakaibang maskara ng pagsasamantala'y nagpapahiwatig ng bukas na walang katiyakan.

Ayon sa tinuran ng isang katutubo: "Ang mga may pinag-aralan ay nabubuhay sa pamamagitan ng panulat (ballpen) at papel. Sa amin, kinakailangang gamitin namin ang aming lakas sa pagbubungkal ng lupa upang mabuhay. Datapuwat, sa pamamagitan ng patak ng pawis na dumidilig sa kanilang lupain sumisibol ang buhay."



Subalit ano ang mangyayari sa kanila kung ang lupang ipinamana sa kanila ng kanilang mga ninuno
AY PAG-AARI NA NGAYON NG MGA TAONG
NAGPAPAKILALANG MAY PINAG-ARALAN
AT MARURUNONG ?

Sa kanilang pagdating, dala-dala ang isang kapirasong papel na pinawang katumbas ang buahy ng mga katutubo. Isang kapirasong papel na bumabalot sa kanilang mga
KATANUNGAN.

Mga KATANUNGANG unti-unting nababalatan sa patuloy na pakikipag-ugnayan sa kalikasan at karanasan.

MGA KARANASANG HUMAHAMON SA KANILANG KAKAYAHANG
MAG-ISIP
AT TUMUGON SA MGA KATANUNGANG PATULOY NA
SUMASAGI SA KANILANG
KAISIPAN.

ang lupa at pagkakaisa

(Isang tula likha ng isang nobisyada ng Misyonerang Benediktina bilang isang handog sa mga katutubo ng Target, Sapangbato)

Ang lupa sa kanila ay napakahalaga
Dahil dito nagmumula ang kanilang pag-asa,
Pinagkukunan ng pangbuhay sa pamilya,
At mga kailangan na sa tirahan ay nakikita.

Ayon sa isang matanda na amin nakasalamuha,
Kapag ang lupa nila ay tuluyang mawawala,
Handang magbuwis ng buhay upang ito'y masawata.
Pagkakaisa nila dito mamamalas o mahahalata.

Isang sagradong bagay sa kanila itong lupa
Salamat sa Panginoon sa kaniyang pagkalikha
Ng mayamang kabundukan at napakatabong lupa
Mayayaboong na puno, malinaw at malinis na batis at sapa.

Ang pagkakaisa nila ay tunay na kahanga-hanga
Kaming mga dumating labis na namangha
At nguyon kay gandang balikan lagi sa gunita
Ang isang karanasan matohimik at matinawa.

Ang pagkakaisa ng mga tao ay masasaksihan
Sa pangaraw-araw na gawain at sa kabuhayan
Bilang katunayan ang gamit ng isa ay gamit ng bayan
Kung sino ang nangangailangan doon mo matatagpuan.

Ang kanilang magandang pagsasamahan
Para sa akin ay hindi mapapantayan
Ng kahit anong uri ng kayamanan
Na laging pinahahalagahan ng karamihan.

ACTIVITIES for TRIBAL FILIPINO MONTH

October October October

7..."ON THE SPOT POSTER MAKING CONTEST" participated by 9 different schools in Pampanga from grade school to college level. A joint sponsored project of the Commission on Tribal Filipino Apostolate and the Education & Cultural Committee (ECC) of the Concerned Citizens of Pampanga (CCP)

SHOWS for SLIDE

10...YR 1-1V in St. Scholastica Academy, CerHill
...YR 111 in Holy Family Academy, Angeles City
11...GR V in St. Scholastica Academy, San Fernando
...GR V1 in St. Scholastica CerHill, Pampanga
12...GR V-V1 in Holy Family Academy
16...GR 1V-V1 & High-School in St. Mary's Academy,
17 Bacolor, Pampanga.
18...YR 1-11-1V high-school in Holy Family Academy
19...High-school in the University of the Assumption, San Fernando, Pampanga
...High-school, Philosophers, Theologians of the Mother of Good Counsel Seminary, San Fernando
23...High-school in Assumpta Technical School, San Simon, Pampanga
24...Program and Eucharistic Celebration for the Negrito tribe in San Simon, Pampanga
25...High-school in Angeles University Foundation, Angeles City

27..... Culminating Activity

Eucharistic Celebration in Mabalacat, Pampanga

PLACE; Mabalacat Parish Church
TIME: 9:00 a.m.